Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SIPI MULA SA KATITIKAN NG IKA-APATNAPUNG PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA ROSA, LAGUNA NA IDINAOS SA ARAW NG MIYERKOLES, IKA-14 NG NOBYEMBRE, 2001 SA BULWAGANG PULUNGAN NG PAMAHALAANG BAYAN.

Mga Dumalo:

1. Kgg. JOSE B. CATINDIG, Jr.	- Pang. Punong-bayan-Namuno
2. Kgg. LUISITO B. ALGABRE	- Kagawad
3. Kgg. RAUL P. AALA	- Kagawad
4. Kgg. ERIC T. PUZON	- Kagawad
5. Kgg. LAUDEMER A. CARTA	- Kagawad
6. Kgg. MARCELITO S. LASERNA	- Kagawad
7. Kgg. PETRONIO C. FACTORIZA	- Kagawad
8. Kgg. ARTURO M. TIONGCO	- Kagawad
9. Kgg. ARTEMIO M. GOMEZ	- Kagawad
10. Kgg. ROMEO P. AALA	- Kagawad, Pangulo ng Samahan ng mga Punong-barangay
11. Kgg. ARIES A. ALCABASA	- Kagawad, Pangulo ng Pambayang Pederasyon ng Sangguniang Kabataan

****

KAUTUSANG BAYAN BLG. 1105-2001

(Sa mungkahi ni Kgg. Gomez na pinangalawahan ni Kgg. Alcabasa)

ANG KAUTUSANG BAYAN NA NAG-AATAS NG PERMANENTENG PAGTIGIL NG PAGKAKALOOB NG PRANGKESA/LEGALIZATION/ LINYA SA BAGONG TRICYCLE NA PAMPASAHERO SA LOOB NG LIMANG (5) TAON NA MAGSISIMULA SA IKA-15 NG PEBRERO, 2002.

SAPAGKA'T, sa kasalukuyan ay mayroon ng humigit kumulang na 8,000 ang bilang ng mga pampasaherong tricycle sa buong bayan ng Santa Rosa;

SAPAGKA'T, batay sa pag-aaral ng Pamahalaang Bayan, sa pamamagitan ng *Municipal Tricycle Franchising and Regulatory Board* ay sapat at sobra pa ang bilang ng mga namamasadang tricycle upang magsilbi sa mamamayan;

SAPAGKA'T, katibayan ng dami ng namamasadang *tricycle* ay ang mga nagsisikip sa daan, terminal at pilahan ng mga sasakyan na dahilan sa dami ng nakapila at naghihintay ng pasahero ay hindi na kumikita ng sapat ikabuhay at kakayahang matugunan ang gastusin sa pagmimintina ng sasakyang tricycle;

Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna
OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SAPAGKA'T, ang panukalang pagsasara at pagtigil ng pagkakaloob ng prangkesa/linya/legalization sa mga pampasaherong tricycle ay dalawang (2) beses ng tinalakay sa pagpupulong na dinaluhan ng mga pinuno ng mga samahan *Tricycle Drivers and Operators* sa buong bayan sa pangunguna ng *Lupon ng Peace and Order* at sa paanyaya ng Kgg. na Pangalawang Punong-bayan Jose B. Catindig, Jr.;

SAPAGKA'T, ang samahan ng mga *Tricycle Drivers & Operators* ay walang tutol sa pagpapatigil ng pagkakaloob ng prangkesa/linya/legalization sa paniwalang ang lalong pagdami ng bilang ng pampasaherong tricycle ay nangangahulugan ng pagliit ng kita ng driver at operator ng tricycle sa kasalukuyan;

KAYA'T, sa pamamagitan ng isang mungkahing pinangalawahan ay:

IPINASISIYA, tulad ng dito'y ginagawang PAGPAPASIYA at ngayon nga ay IPINASIYA ang pag-aatas ng permanenteng pagtigil ng pagkakaloob ng prangkesa/linya/legalization sa bagong tricycle na pampasahero sa loob ng limang (5) taon na magsisimula sa Ika-15 ng Pebrero, 2002.

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

Pinagtibay:

JOSE B. CATINDIG, Jr.
Pang. Punong-bayan

Pinagtibay:

LEON C. ARCILLAS
Punong-bayan

PATOTOO:

Pinatutunayan ko na ang Kautusang ito ay sipi mula sa katitikan ng Ika-40 Pangkaraniwang Pulong ng Sangguniang Bayan ng Santa Rosa, Laguna noong Ika-14 ng Nobyembre, 2001.

CYNTHIA M. GOMEZ
Pambayang Kalihim